

#### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**MUNERA**, quæsumus, Dómine, obláta sanctífica: et corda nostra Sancti Spíritus illustratióne emúnda. Per Dominum ... in unite ejusdem Spiritus Sancti.

**PANGINOON**, pabanalín Mo ang aming mga alay, at sa bisa nito'y linisin mo ang aming kalooban sa liwanag ng iyong Espiritu Santo. Sa pamamagitan ... kasama pa rin ng Espiritu Santo...

- *Prepasyo ng Espiritu Santo.* Sa araw na ito. (Hodernia die...) *May nauukol na Communicantes at Hanc Igitur gaya ng sa Linggo ng Pentecostes.*

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • Gw 2:2, 4

**FACTUS** est repénte de cœlo sonus, tamquam adveniéntis spíritus veheméntis, ubi erant sedéntes, allelúia: et repléti sunt omnes Spíritu Sancto, loquéntes magnália Dei, allelúia, allelúia.

**BIGLANG** dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, kung saan sila'y nakaupo, aleluya: Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo, at nagsasalita ng mga dakilang gawa ng Diyos, aleluya, aleluya!

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**SANCTI** Spíritus, Dómine, corda nostra mundet infúsió: et sui roris íntima aspersione fecúndet. Per Dominum ... in unitate ejusdem Spiritus Sancti.

**MALINIS** nawa ang aming mga puso, Panginoon, sa pagtanggap ng Espiritu Santo. Pagbungahin Mo sila ng makalangit na hamog. Sa pamamagitan ... kasama pa rin ng Espiritu Santo.

**Hermanidad de la Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**  
*Comision Para sa Pagsasalin*

## JUEVES INFRAOCTAVA NG PENTECOSTES

*Misa "Spiritus Domini"*

• *I cl.* • *Doble I cl.* • *Pula*

#### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Kar 1:7

**SPIRITUS** Dómini replévit orbem terrárum, allelúia: et hoc quod cóninet ómnia, sciéntiam habet vocis, allelúia, allelúia, allelúia. — *Ps 67:2* Exsúrgat Deus, et dissipéntur inimíci eius: et fúgiant, qui odérunt eum, a fácie eius. *V.* Gloria Patri. Spiritus Domini.

**ANG DAIGDIG** ay puspos ng Espirtu ng Panginoon, aleluya. Ang naglalaman ng lahat ng bagay ay mayroong karunungan ng wika, aleluya, aleluya, aleluya! — *Salmo 67:2* Bumangon nawa ang Diyos, at mawala ang lahat niyang mga kaaway! Magsitakas sa kaniyang harapan ang mga nagtatanim sa Kaniya. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang daigdig...

- *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

#### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DEUS**, qui corda fidélium Sancti Spíritus illustratióne docuísti: da nobis in eódem Spíritu recta sápere; et de eius semper consolatióne gaudére. Per Dominum ... in unitate ejusdem Spiritus Sancti.

**O DIOS**, ikaw ang nagturo sa puso ng mga binyagan sa liwanag ng Espiritu Santo: ipagkaloob Mong lagi naming malasap ang mga bagay na matuwid, at laging magalak sa Kaniyang pag-alih. Sa pamamagitan ... kasama pa rin ng Espiritu Santo...

#### PAGBASA • Gw 8:5-8

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

**NOONG MGA ARAW NA YAON:** Si Felipe ay bumaba sa bayan ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Cristo. Nang marinig ng mga tao si Felipe at makita ang mga himalang ginawa niya, nakinig silang mabuti sa kanyang sinasabi. Ang masasamang espirtu ay lumabas sa mga taong sinapian nila at sumisigaw habang lumalabas. Maraming lumpo at pilay ang pinagaling kaya't nagkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon. — *R. Salamat sa Dios.*

DAKILANG ALELUYA • Ps 103:30

Allelúia, allelúia. *V.* Emitte Spíritum tuum, et creabúntur, et renovábis fáciem terræ: sit glória Dómini in sácula.

Allelúia. *V.* Veni, Sancte Spíritus, reple tuórum corda fidélium: et tui amóris in eis ignem accénde. Alleluia.

Aleluya, aleluya! *V.* Si Hesus ay nananatili magpakailanman, at siya’y may pagkapari na ‘di magwawakas.

Aleluya, aleluya! *V.* Halina, O Espiritu Santo, puspusin Mo ang puso ng mga tapat sa Iyo. Paningasin sa kanila ang apoy ng Iyong pag-ibig. Aleluya.

SECUENCIA • Veni Sancte Spiritus \*

**H**alina, O Espiritung Banal,  
at ipadala Mo buhat sa langit  
ang sinag ng Iyong liwanag.

Halina, Ama ng mga dukha,  
halina, tagabigay ng tanang biyaya;  
halina, tanglaw ng aming kalooban.

Lubos na kaaliwan,  
Matamis na panauhin ng kaluluwa,  
Matamis na aming ginhawa.

Pinapawi mo ang pagod,  
Kalamigan sa kainitan,  
Aliw sa aming dalamhati.

Tanglaw ng kabanalan,  
kaibuturan puspusin  
ng puso ang tanang binyagan.

Kung wala ang iyong diwa,  
tao’y walang halaga  
walang mananatiling malinis sa kaniya.

Hugasan Mo ang mga narungisan,  
Mga tuyo’y diligin,  
Maging lunas ka sa sugat namin.

Veni, Sancte Spíritus,  
et emítte cælitus  
lucis tuæ rádium.

Veni, pater páuperum;  
veni, dator múnerum;  
veni, lumen córdium.

Consolátor óptime,  
dulcis hospes ánimæ,  
dulce refrigerium.

In labóre réquies,  
in æstu tempéries,  
in fletu solácium.

O lux beatíssima,  
reple cordis íntima  
tuórum fidélium.

Sine tuo númine  
nihil est in hómine,  
nihil est innóxium.

Lava quod est sórdidum,  
riga quod est áridum,  
sana quod est sáucium.

Palambutin Mo ang mga palalo,  
Pasiglahin ang mga nanlalamig  
ang mga naliligaw, Iyong ibalik.

Sa iyong mga lingkod,  
silang mga umaasa sa Iyo,  
ipagkaloob yaring pitong biyaya.

Gantihan Mo sila ayon sa kanilang kabanalan,  
ibigay ang katibayan ng kaligtasan,  
at ibigay sa tuwina, katuwaang walang humpay.  
Amen. Aleluya.

EBANGHELYO • Lc 9:1-6

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**NOONG PANAHONG IYON:** Tinipon ni Jesus ang Labindalawa at binigyan sila ng kapangyarihan at karapatang magpalayas ng mga demonyo at magpagaling ng mga may sakit. Isinugo sila ni Jesus upang mangaral tungkol sa kaharian ng Diyos at upang magpagaling ng mga maysakit. Sila’y pinagbilinan niya, “Huwag kayong magbabaon ng anuman sa inyong paglalakbay, kahit tungkod, balutan, tinapay, salapi, o bihisan man. Makituloy kayo sa sinumang tumanggap sa inyo, at manatili kayo sa bahay nito hanggang sa pag-alis ninyo sa bayang iyon. Kung hindi naman kayo tanggapin ng mga tao sa isang bayan, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok sa inyong mga paa bilang babala laban sa kanila.” Kaya’t humayo ang mga alagad at pumunta sa mga nayon. Ipinangaral nila ang Magandang Balita at pinagaling ang mga maysakit sa lahat ng dako. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 67:29-30

CONFIRMA hoc, Deus, quod operátus es in nobis: a templo tuo, quod est in Ierúsalem, tibi ófferent reges múnera, allelúia.

**PATATAGIN MO,** O Diyos, ang ginawa Mo sa amin mula sa templo na nasa Herusalem: ang mga hari ay maghahandog ng mga kaloob sa iyo: aleluya!

Flecte quod est rígidum,  
fove quod est frígidum,  
rege quod est dévium.

Da tuis fidélibus,  
in te confidéntibus,  
sacrum septenárium.

Da virtútis méritum,  
da salútis éxítum,  
da perénne gáudium.  
Amen. Allelúia.